


Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation: A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

LEARNING MATERIAL

# Pagharap sa Media

FR. FRANCIS LUCAS

**Introduction**

> **“Sa pamamagitan ng media, nagkakaroon tayo ng pagkakataong maabot ang mga tao kung saan mang panig sila naroroon, nadadaig natin ang kahadlangan ng panahon, ng distansya, at maging ng wika; kung anumang plataporma, makabago man o tradisyunal, isinahihimpawid ng media ang mga mensahe sa iba-ibang paraan; at inaalok ito sa lahat ng naghahanap ng posibilidad na makipagdiyalogo sa isa't-isa at maging sa hiwaga ng Maykapal.”**
>
> **- Santo Papa Francis**

Bunsod ng globalismo at globalisayon at ang pagpasok ng digital media, ang mga tao sa buong mundo ay naging magkakapit-bahay na lang sa kabila ng mga kahadlangan ng wika, lokasyon, kultura, pilosopiya, paniniwala, at pamamaraan ng pamumuhay. Ang komunikasyon sa ika-20 at ika-21 na siglo ay nagbibigay ng ilang pamamaraan para magkaroon ng komunikasyon kung saan malayang makapagpalitan ang mga nag-uusap at lahat ng panig ay maaaring lumahok sa usapan. Ang iba't-ibang uri ng media tulad ng broadcast, online media (media na nasa internet), micro-media, at mass media ay nananatiling namamayagpag bilang pamamaraan ng pagpapahayag ng datos, impormasyon, mga saloobin na may kakayahang umuukit ng isang tukoy na kultura, paniniwala, at pang-unawa. Ang media sa kasalukuyan ay masasabing maraming mukha at masalimuot.

Sa makabagong panahon, mayroong dalawang pangunahing uri ng komunikasyon – ang Virtual Media o Digital Media at ang Tradisyonal na Media. Ang Digital Media ay tumutukoy sa mga media na nasa elektronikong anyo tulad ng mga matatagpuan sa internet kasama na ang mga social media kagaya ng Facebook. Samantala, ang tradisyonal na media ay tumutukoy sa mga anyo ng pangmasang media na ginagamit na bago pa magkaroon ng mga digital media. Kabilang sa mga tradisyonal na media ang pahayagan, radyo, at telebisyon.

| | Tradisyonal | Digital |
|---|---|---|
| Mga Anyo | Pahayagan, Radyo, at Telebisyon | Social Media, Mga Webpages |
| Mga Manonood/ Tagapakinig | Madla | Madlang nakakagamit ng internet |
| Direksyon ng Komunikasyon | Karaniwang walang salubungan (one-way), nakikinig ang madla sa media ngunit hindi sigurado kung maaaring magbigay-tugon (feedback) ang madla | Salubungan (two-way), nakikinig ang madla sa media at maaaring magbigay ng tugon (feedback) ang madla |
| Mekanismo ng pagbibigay-tugon | Karaniwang matagal: Kailangan ng oras para makolekta ng media ang tugon ng madla | Saglitan: Maaaring magbigay-tugon ang madla kahit kailan |

Ang pagharap sa media ay ang pakikipag-ugnayan sa media bilang isang kalahok ng kanilang programa, presentasyon, balita, at iba pang ugnayang pinapamahalaan nila. Sa kasalukuyan, ang ilan sa malalaking institusyon ng media ay ang mga malalaking pahayagan, radyo, telebisyon at maging ang mga social media at ang kombinasyon ng mga ito. Lahat ng mga ito ay naghahatid ng kani-kanilang mensahe sa madla saan mang panig ng mundo.

Sinumang nagnanais humarap sa media ay dapat mayroong kaalaman sa pagsasalita sa publiko. Sa ganitong paraan, alam niya kung paano maghahanda ng kanyang sarili at ng kanyang mensahe batay sa kung sino ang manonood/tagapakinig. Dapat ding may kamalayan ang siyang haharap sa media sa sistema at mga pamamaraan nito sapagkat hilig ng media na subukang ipasabi sa mga taong kanilang sinasangkot ang mga nais nilang sabihin. Sa pagharap at pakikilahok sa media, dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Magkaroon ng kamalayan sa kultura ng media: sino sila at ano ang kanilang layunin?
- Paano sila naghahanda bago nila pinapayagan ang isang tao para makalahok?
- Alamin ang mga pamamaraan upang maintindihan at makipag-ugnayan sa media
- Alamin kung paano ihahanda ang sarili bago humarap sa media

**Ang Kultura ng Mass Media at Online Media**

Saan mang panig ng mundo, ang mass media ay pag-aari at/o kontrolado ng iilang nagmamay-ari nito. Kung ang media ay pagmamay-ari ng mga pribadong interes, ang pangunahing layunin nito ay ang katanyagan, bilang ng mambabasa, tagapakinig, at manonood, na pawang nagbibigay-kita rito. Kung ang media naman ay pagmamay-ari ng pamahalaan, ang pangunahing layunin nito ay protektahan at itaguyod ang mga interes nito.

May mangilan-ngilang maliliit na media channels na pagmamay-ari at pinatatakbo ng mga pribadong interes o mga pangkat na walang kaugnayan sa malalaking institusyon. Karamihan sa mga ito ay mga radyo o telebisyon na nagsisilbi lang sa kani-kanilang lokalidad. Mayroon ding mga sumusubok na makipagsapalaran sa online media ngunit kailangan nila ng maraming tagasubaybay na magla-like at magbabahagi ng kanilang mga programa o mensahe upang sila ay makilala.

Sa pagtatayang ginawa noong 19 Abril 2020, sinasabing mayroong **1.74 bilyon** na websites sa buong mundo. Sa kabilang banda, may tinatayang higit kumulang **4,437,215,927** (higit apat na bilyon) ang gumagamit ng social media sa naging pagtataya noong Enero 2020. Kinakailangan ng oras para maging kilala ang mga website o mensahe sa social media. Mahalaga ang katanyagan sa social media dahil ito ang kultura nito.

**Mandato at Layunin ng Media Sa Pilipinas**

Karamihan ng media sa Pilipinas ay pagmamay-ari ng mga pribadong interes habang may mangilan-ngilang pagmamay-ari ng pamahalaan na nagsisilbi nang may pampublikong tungkulin – ang maghatid ng balita at humulma ng opinyon ng publiko. Itinuturing din itong "watchdog" o tagapagbantay at "fiscalizer" o tagapagsuri ng pamahalaan, hukuman, militar at kapulisan, at maging ng mga korporasyon. Ang kanilang tungkulin ay nakasaad sa Konstitusyon na siyang nagbibigay garantiya sa kalayaan ng pamamahayag (freedom of the press) upang bantayan at kung kinakailangan ay mapanagot ang pamahalaan, mga korporasyon, at iba pang mga makapangyarihang tao o institusyon.

Ang media ay karaniwang inaasahang makapagsisiwalat ng mga katiwalian sa pamahalaan at sa mga korporasyon. Kung gayon, sila ay inaasahan ding maging mapanuri at mapagmatyag.

Nabubuhay sila sa paghahabol ng mga maaaring ibalita at kailangan nilang maihatid ito sa mga tagasubaybay sa lalong madaling panahon. Nakikipagtagisan sila sa isa't-isa sa pag-uunahang maihatid ang pinakasariwa at pinakamahusay na "scoop" ng istorya o balita. Samantala, mayroon ding mga tinatawag na "envelope journalists" o yung mga kumukuha ng lagay (na karaniwang nakalagay sa sobre) upang magpahayag ng mga istoryang pabor sa mga ito.

**Mga Katangian ng Tradisyonal na Pampahayagang Media**

- Naghahabol sa mga eksklusibong istorya o "scoop"
- Naniniwala na patok sa masa ang anumang anyo ng karahasan
- Nagnanais na makapaghatid ng istorya sa lalong madaling panahon
- May mga tinawag na "corporate editorial policies" o mga patakaran ng may-ari ng institusyon pagdating sa pamamahayag lalo na sa mga piling korporasyon
- Naniniwala na mabenta rin ang mga pang-aliw at libangan
- Naniniwala rin na ang pagkita ay ang pinakamainam para sa institusyon

## Paano Makikipag-ugnayan sa mga Taga-Media

Kaibiganin sila. Sila ay mayroon ding mga emosyonal na pangangailangan. Kailangan nilang magkaroon ng ilalathala, ipapalabas, o ibabalita. Kaibiganin sila upang magdalawang-isip sila sa pagmamanipula ng iyong mga pahayag sa pamamagitan ng pagdadagdag-bawas sa iyong mga salita at iaayon sa kanilang nais.

Hindi sila mga eksperto at kailangan nila ang iyong pahayag o opinyon bilang eksperto. Hindi mo naman kailangan magmayabang, kailangan lang ipakita mo sa kanila na ikaw ang may mas alam sa pinag-uusapan. Kung gayon, kailangan talagang paghandaan ang pagharap mo sa kanila.

Bigyan mo sila ng pabor bilang pamumuhunan para sa panahong kakailanganin mo rin ng pabor. Ang pagbibigay-pabor sa kanila ay pagbibigay ng impormasyon na malinaw na kailangang-kailangan nila. Tandaan: nagtatagisan ang mga media sa kung sino ang mauunang makapaglabas ng impormasyon o balita.

Palaging magsabi ng pawang katotohanan lamang ngunit maging matalino pagdating sa mga impormasyon na maaaring makasama sa iyo, sa iyong organisasyong kinabibilangan, at sa iyong komunidad. Huwag mong bigyan ang media ng pagkakataong pagdudahan ang kredibilidad ng iyong sagot.

**Pagsulat at Pagsumite ng Isang Artikulo sa mga Pahayagan**

Mahalagang panatilihing kawili-wili at makabuluhan ang iyong istorya. Ang buong istorya ay nagbibigay-sagot sa mga tanong na: Ano? Sino? Saan? Kailan? Bakit? at Paano? **Karaniwang ang binibigyang-diin ang Ano, Sino, Saan, at Kailan at madalas hindi nabibigyan ng kaukulang-pansin ang Bakit, Paano, Ano nang sunod, at Ano bang pakialam ko**.

Mahalagang lahat ng mga sanggunian o pinagkuhanan ng impormasyon ay natukoy sa artikulo. Mahirap itong gawin, ngunit kinakailangan. Para sa isang kumpletong istorya, mahalagang iba-ibang impormante tulad ng (1) mga direktang naapektuhan; (2) mga opisyal; (3) mga eksperto; at, (4) ang komunidad.

Ang isang manunulat ay palaging naghahangad na gumamit ng mga pinakaakmang salita at larawan upang maihatid ang anumang istorya. Ang mga sumusunod ay mga kailangang lalamanin ng isang magandang istorya:

- Totoo: sa datos at maging sa konteksto kung saan ito inilalahad.
- Patas: ipinapakita ang pananaw ng lahat o karamihan sa mga apektado o may kinalaman sa istorya upang maipakitang walang kinikilingan ang istorya.

**Mga Elemento ng Isang Magandang Istorya**

- Maayos ang kalidad ng nilalaman
- Totoo
- Patas
- Nalikom sa mga impormante o sangguniang maaaring matiyak
- Nakabatay sa mga ebidensya
- Tukoy ang mga batas at polisiyang nauukol sa paksa
- Akma sa mga mambabasa: Inaasahan ba nilang maaliw? Makumbinsi?
- Maayos ang pagkakasulat, kabit-kabit ang mga ideya
- Malinaw at tama lang ang ikli
- Payak ngunit makabagbag-damdamin
- Mayroong biswal na representasyon: mga larawan, dayagram, at iba pa
- Isinasaalang-alang ang mga maaaring mapektuhan ng istorya
- Ligtas mula sa libel o paninirang-puri

Bago mag-umpisang magsulat, ang manunulat ay dapat isinasaalang-alang na ang mga sumusunod:

- Magbabasa sa istorya
- Mensaheng nais maipaabot sa kanila
- Puntong nais bigyang-diin
- Mga ebidensyang susuporta sa istorya
- Mahihita ng mambabasa sa istorya
- Anyo na pinakamainam para ihatid ang istorya sa mambabasa:
  - ⇒ Sulat – Nagsasaad ng paghingi ng impormasyon o aksyon mula sa isang tao o institusyon.
  - ⇒ Opisyal na Pahayag (Press Release/Statement) – Isang pahayag na naglalayong linawin o ihayag ang tindig ng isang tao/grupo/institusyon sa isang isyu.
  - ⇒ Ulat – Isang listahan ng mga datos o impormasyon na nagtatahi ng isang malinaw na istorya.
  - ⇒ Posisyong Papel – Nagsasaad ng pakay na maisulong ang isang adyenda at nanghihikayat sa mambabasa na umaksyon.

Sa pagsusulat, makatutulong ang pagsasaayos ng mga ideya. Narito ang ilang mga hakbang upang makatulong sa pagsasaayos ng iyong mga ideya ukol sa istorya:

- Iguhit ang mga koneksyon ng mga impormasyon na nais mong ilahad
- Gumawa ng isang balangkas na magsasaad ng pagkakasunod-sunod ng paglalahad ng mga ideya
- Punuan ng mga datos ang mga nakikitang puwang para mapagtahi-tahi ang istorya

Habang nagsusulat, isaisip ang mga sumusunod na bahagi ng isang artikulo:

- Panimula: Simulan ang artikulo sa pagsulat ng mga pahayag na pupukaw sa atensyon ng mambabasa.
- Katawan: Ilatag ang mga punto nang maayos at nakakakumbinsi – maglahad ng mga ebidensyang susuporta sa iyong istorya.
- Konklusyon: Ibuod ang iyong mga punto sa isang maikling pangungusap. Mag-iwan ng impresyong titimo sa iyong mambabasa, at kung akma, udyukin mo silang pag-isipan pang lalo ang mga puntong iyong inilahad ukol sa paksa.

Ang iyong unang banghay (first draft) ay madalas hindi pa ang pangwakas. Ang susi sa isang epektibong artikulo ay ang pag-edit dito! Magandang kaugalian ang paghingi ng tulong ng ibang tao na basahin ang iyong banghay at kunin ang kanilang pananaw sa iyong artikulo.

Sa ganitong paraan, matutulungan ka sa pagsasaayos o pag-eedit ng iyong isinulat hanggang kumbinsido ka na sa sarili mong artikulo.

**Pag-upload ng artikulo sa Social Media (Facebook, Twittter, iba pa)**

Ang paggamit ng internet ay nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay. Sa katunayan kinikilala ang Pilipinas bilang social media capital ng mundo dahil tayo ang may pinakamaraming gumagamit ng Facebook kada 1,000 tao kumpara sa ibang mga bansa. Kinikilala rin ang Pilipinas bilang bahagi ng pinakamaraming gumagamit ng Twitter, YouTube, Instagram, at iba pang social media.

Tinatawag itong social media dahil mas madali ritong makipag-ugnayan ang lahat ng panig na kasangkot. Dahil malaya at mura ang paglahok dito gamit ang cellphone o computer, mas nakakalahok ang mas maraming tao at nakakapag-usap kaagad. Gamit ang social media, para bang lumiliit ang mundo dahil maaaring mag-usap anumang oras at kung nasaan mang panig ang mga nag-uugnayan. Dagdag pa riyan, maaaring mag-ugnayan sa isa't-isa kahit pa sa mga pulitiko at mga artista. Sinumang nais, basta may sapat na tiyaga at pagkamalikhain, ay maaaring maging tanyag bilang online sensation kahit na wala masyadong hirap at gastusin.

Sa pangkalahatan, ang mga pangangailangan para sa isang magandang istorya sa social media ay pareho lang din sa pagsulat para sa mga tradisyonal na media kagaya ng pahayagan, radyo, at telebisyon ngunit para sa social media – mas maikli, mas mainam. Sa dami ng mga impormasyong matatagpuan sa internet, maikli lang ang atensyon ng mga gumagamit ng social media kaya madali silang magambala. Kung gayon, mahalagang mailahad mo ang iyong mensahe sa pinakamaikli at pinaka-interesanteng paraan, kung hindi ay mawawala kaagad ang interes ng iyong tagasubaybay.

Isang makapangyarihang kagamitan sa social media ay ang mga tinatawag na hashtags na sinisimbolo gamit ang "#". Ang hashtags ay nagsisilbing pansubaybay sa isang tukoy na isyu o pangyayari (#BagyoPH, #COVID-19, #WalangPasok). Ang paggamit at pagtaguyod ng mga hashtag ay makapangyarihang paraan para maikabit ang iyong social media post sa mas malalaking kilusan o adbokasiya.

Ang pagbibigay oportunidad para sa paglahok ng mga gumagamit ng social media ay isang paraang katang-tangi sa social media. Bunsod nito, asahang maaaring magkaroon ng tugon sa iyong post agad-agad, tugon na maaaring magpatotoo o magbigay-puna sa iyong mensahe.

Kung gayon, mahalagang ang bawat gumagamit ng social media ay dapat umiwas sa:

- Pagbabahagi ng mga sensitibo at lihim na impormasyon sapagkat maaari itong magdulot ng hindi nararapat na panganib sa mga maaapektuhan ng nasabing impormasyon; at,
- Pagpapakalat at pagbabahagi ng mga mali at hindi makatotohanang impormasyon dahil mabilis lang itong kakalat.

Ibig sabihin, lahat ng gumagamit ng social media na maging mapili sa kung anong impormasyon ang ibabahagi online.

Bilang panapos, minsan ay kinokontrol ng social media kung ano lang ang nakikita ng mga gumagamit nito sa paraang ipapakita lang nito ang katulad na opinyon ng gumagamit at itatago ang mga salungat dito. Ito ay bahagi ng disenyo ng social media na sinusubaybayan nito ang iyong bawat ginagawa, para iakma ang kanyang ipapakita sa iyong panlasa. Buhat nito, mahalagang maging mapanuri pagdating sa iyong mga ginagawa sa social media dahil maaari nitong maapektuhan kung paano mo tingnan ang mundo, ang iyong komunidad, at maging ang iyong sarili. Palagi lang isaisip na ang social media ay isa lang bersyon ng mundo – isang birtwal na realidad – kung gayon, responsibilidad mo bilang gumagamit ng social media na magsaliksik at suriin ang pagiging totoo ng impormasyon na kinukuha mula sa internet; at kumalap ng mga pananaw na hindi katulad ng sa iyo. □

Ang learning material na ito ay inihanda ni Fr. Francis Lucas para sa proyektong *"Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System."* Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

**Citation**

Lucas, F. (2020). *Pagharap sa Media*. ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].

ANGOC

The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).

33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011
Email: angoc@angoc.org | Website: www.angoc.org

The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.

c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406

PAFID

Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.

71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406
Email: pafid@skybroadband.com.ph | Website: www.pafid.org.ph